# ***Paano Pagandahin ang Iyong Sarili Yugto 3***
# ***Pagtuturo Laban sa Pampaganda, Pagpipinta at Pabango***

Ang mensahe para sa araw na ito ay makakatulong sa atin upang maunawaan kung paano harapin ang pakikibaka ng buhay at pagsubok at kung paano malampasan sa tulong ng Dios at sa tulong ng Kanyang Salita at mga alintuntunin sa ating buhay. Ang katuruan ng mensaheng ito ay tutulong sa atin upang makakuha ng tamang paninindigan laban sa labis na pagmamake up at pabango.

***"1 At sinabi sa kaniya ni Noemi na kaniyang biyanan, Anak ko, hindi ba kita ihahanap ng kapahingahan, na ikabubuti mo? 2 At ngayo'y wala ba rito si Booz na ating kamaganak, na ang kaniyang mga alila ay siya mong kinasama? Narito, kaniyang pahahanginan ang sebada ngayong gabi sa giikan. 3 Maligo ka nga, at magpahid ka ng langis, at magbihis ka at bumaba ka sa giikan: nguni't huwag kang pakilala sa lalake, hanggang siya'y makakain at makainom. 4 At mangyayari, paghiga niya, na iyong tatandaan ang dakong kaniyang hihigaan, at ikaw ay papasok, at iyong alisan ng takip ang kaniyang mga paa, at mahiga ka; at sasabihin niya sa iyo kung ano ang iyong gagawin. 5 At sinabi niya sa kaniya, Lahat ng iyong sinasabi sa akin ay aking gagawin. 6 At siya'y bumaba sa giikan, at ginawa niya ang ayon sa buong iniutos sa kaniya ng kaniyang biyenan. 7 At nang si Booz ay makakain at makainom, at ang kaniyang puso'y maligayahan, siya'y yumaong nahiga sa dulo ng bunton ng trigo; at siya'y naparoong marahan, at inalisan ng takip ang kaniyang mga paa, at siya'y nahiga. 8 At nangyari, sa hating gabi, na ang lalake ay natakot at pumihit: at, narito, isang babae ay nakahiga sa kaniyang paanan. 9 At sinabi niya, Sino ka? At siya'y sumagot, Ako'y si Ruth, na iyong lingkod: iladlad mo nga ang iyong kumot sa iyong lingkod; sapagka't ikaw ay malapit na kamaganak. 10 At kaniyang sinabi, Pagpalain ka nawa ng Panginoon, anak ko: ikaw ay nagpakita ng higit na kagandahang loob sa huli kay sa ng una, sa hindi mo pagsunod sa mga bagong tao maging sa dukha o sa mayaman. 11 At ngayon, anak ko, huwag kang matakot; gagawin ko sa iyo ang lahat na iyong sinasabi, sapagka't buong bayan ng aking bayan ay nakakaalam na ikaw ay isang babaing may bait." (Ruth 3:1-11 KJV)***

Si Ruth ay hindi kailangan maglagay ng pabango at maglagay ng make up upang makamit ang kalooban ng Dios para sa kanyang buhay: Siya'y balo at siya'y naninirahan sa isang lupain na hindi sa kanya ngunit siya ay naging matagumpay sa pagharap sa kanyang mga suliranin at paglutas sa kanila nang ipinakumbaba niya ang kanyang sarili at hanapin ang kanlungan sa Salita ng Dios at kalooban ng Diyos.

***1. Si Ruth ay nakinig sa payo ng kanyang biyenang babae:*** Si Neomi ay nagsisi mula sa kanyang mga kasalanan at handang bumalik kung saan siya inilagay ng Dios. Ang nagsisising mga tao ay pinakamahusay na mga tao na maari mong pakinggan, sa pagpapayo sa iyo, at sa pagbibigay sa iyo ng payo at ng kalooban ng Diyos.

***2. Si Ruth ay sumunod sa plano ng Diyos na kaniyang natanggap sa pamamagitan ng kanyang biyenang babae: "1 At sinabi sa kaniya ni Noemi na kaniyang biyanan, Anak ko, hindi ba kita ihahanap ng kapahingahan, na ikabubuti mo? 2 At ngayo'y wala ba rito si Booz na ating kamaganak, na ang kaniyang mga alila ay siya mong kinasama? Narito, kaniyang pahahanginan ang sebada ngayong gabi sa giikan." (Ruth 3:1-2 KJV)*** Tinanggap niya ang plano ng Dios para sa kanya upang magpakasal kay Boaz. Siya ay mas matanda kaysa sa kanya at siya ay bata sa edad, ngunit handa siyang sumunod sa Salita ng Dios upang magpakasal sa tagatubos ng kamaganak upang panatilihin ang kanilang angkan at kanilang mamanahin. ***"10 At kaniyang sinabi, Pagpalain ka nawa ng PANGINOON, anak ko: ikaw ay nagpakita ng higit na kagandahang loob sa huli kay sa ng una, sa hindi mo pagsunod sa mga bagong tao maging sa dukha o sa mayaman. 11 At ngayon, anak ko, huwag kang matakot; gagawin ko sa iyo ang lahat na iyong sinasabi, sapagka't buong bayan ng aking bayan ay nakakaalam na ikaw ay isang babaing may bait." (Ruth 3:10-11 KJV)***

***3. Siya ay sumunod sa utos na kanyang natanggap mula sa kanyang biyenang babae: "3 Maligo ka nga, at magpahid ka ng langis, at magbihis ka at bumaba ka sa giikan: nguni't huwag kang pakilala sa lalake, hanggang siya'y makakain at makainom." (Ruth 3:3 KJV)*** Si Ruth ay hindi nagpinta o kinulayan ang kanyang sarili upang upang atikin ang lalaki. Hindi siya naglagay ng pabango o akitin niya ng kanyang amoy. Niliguan niya ang kanyang sarili at pinahiran niya ng langis ang kanyang sarili at dinamitan ang kanyang sarili ng disente. Sa NIV na pagsasalin ay labis ang payo ni Neomi kay Ruth at inilagay sa makamundong paraan gaya ng sumusunod: ***"3 Kaya't maligo ka, <u>magpabango ka</u> at isuot mo ang pinakamaganda mong damit. Pagkatapos, pumunta ka sa giikan. Ngunit huwag mong ipaalam na naroon ka hanggang sa makakain at makainom si Boaz." (Ruth 3:3 NIV)*** Hindi siya naglagay ng pabango, ngunit ang totoo ay inutusan si Ruth na paliguan ang kanyang sarili, magsuot ng bestida, at gumamit ng langis ng olibo upang pahiran ang kanyang sarili. Ang langis ng olibo ay ginagamit para sa pagpapahid. ***"40 Magkakaroon ka ng mga puno ng olibo sa lahat ng iyong mga hangganan, nguni't hindi ka magpapahid ng langis; sapagka't ang iyong olibo ay malalagasan ng buko." (Deutronomio 28:40 KJV)*** Tinupad ng Dios sa kanya ang Kanyang ganap na kalooban nang siya'y sumunod sa Kanya. Ang mga babae sa kanilang mga make up at pabango hindi nila maakit ang makadios na lalaki ngunit maakit nila ang makamundong mga tao na walang Dios sa kanilang buhay.

Napaguusapan ang tungkol sa pamahid at panlabas na mga paghahanda, mayroon ding ibang mga puno at mga halaman na maaring maging kapaki pakinabang sa balat at sa buhok, likas at walang kemikal na epekto na maaari nating mailagay sa panlabas ng walang epekto.

Si Daniel at ang kanyang mga kaibigan ay dinaig ang iba sapagka't sila'y desidido na hindi marumihan ang kanilang mga sarili sa masasarap na pagkain ng Hari, at silay napanatili sa pagkain lamang ng gulay at pag inom ng purong tubig. ***"11 Nang magkagayo'y sinabi ni Daniel sa katiwala na inihalal ng pangulo ng mga bating kay Daniel, kay Ananias, kay Misael, at kay Azarias: 12 Ipinamamanhik ko sa iyo, na subukin mo ang iyong mga lingkod, na sangpung araw; at bigyan kami ng mga gulay na makain, at tubig na mainom. 13 Kung magkagayo'y masdan mo ang aming mga mukha sa harap mo, at ang mukha ng mga binata na***

***nagsisikain ng pagkain ng hari; at ayon sa iyong makikita ay gawin mo sa iyong mga lingkod.14 Sa gayo'y dininig niya sila sa bagay na ito, at sinubok niya sila na sangpung araw. 15 At sa katapusan ng sangpung araw ay napakitang lalong maganda ang kanilang mga mukha, at sila'y lalong mataba sa laman kay sa lahat na binata na nagsisikain ng pagkain ng hari." (Daniel 1:11-15 KJV)*** Hindi ko sinasabi na kailangan nating kumain ng gulay at mabutong pagkain at uminom ng tubig upang makitang maganda, ngunit ang nais kong sabihin dito ay kung tayo ay susunod sa Dios na ginagawa ang Kanyang kalooban at namumuhay malayo mula sa karumihan, sa gayon tayo ay magliliwanag at tatanggap ng lingap ng Dios at ng tao. Nang si Daniel at ang kanyang mga kaibigan ay sumunod sa Dios sila'y nakatanggap ng lingap ng Dios.Ang kanilang mukha ay mas maayos kaysa iba. Nakaya nilang hikayatan si Mesail na katiwala sa kanila upang alisin ang pagkain ng hari at bigyan sila ng gulay at tubig. ***"16 Sa gayo'y inalis ng katiwala ang kanilang pagkain, at ang alak na kanilang inumin, at binigyan sila ng mga gulay." (Daniel 1:16 KJV)*** Ang kanilang mukha ay nagliliwanag kahit matapos ng sampung araw. Ang ibig sabihin ng Mesail ay walang katiyakan at ito talaga ay magiging walang katiyakan na ilagay ang ating pananampalataya at pagtitiwala sa mga tao, pagkain, make up upang makakuha ng mga bagay sa buhay at hindi sa Dios lamang.

Bibigyan tayo ng Dios ng anyo na nais Niya sa atin na magkaroon. Hindi sa make up o sa mamahaling pagkain makikita tayong maganda. Ang mahalaga ay kung paanong nais ng Dios na tayo ay makita. Ginawa ng Dios ang mukha ni Daniel na makitang maganda upang magawa niyang ipagpatuloy na huwag marumuhn ang kanyang sarili sa pagkain mula sa dulang ng hari, at ito ag mabuting patotoo sa iba at hamon sa ibang Judio doon sa Babilonia upang ihiwalay ang kanilang sarili mula sa mga diosdiosan ng mga Babilonia at huwag kumain ng pagkain na inihiandog sa kanila.

Iba pang halimbawa na mayroon tayo ay tungkol kung paanong nais ng Dios sa ating na makita sa aklat ni Nehemias Nang narinig ni Nehemias ang balita tungkol sa pagkawasak ng mga pader at ang sunog na pintuang bayan ng Jerusalem, nilutas niya sa pagaayuno at pananalangin upang hilingin sa Dios na panumbalikin ang bayan ng Jerusalem. Sa panahong yaon si Nehemias ay tagapagdala ng alak kay Haring Artexeses. ***"1 At nangyari sa buwan ng Nisan, sa ikadalawang pung taon ni Artajerjes na hari, nang ang alak ay nasa harap niya, na aking kinuha ang alak at ibinigay ko sa hari. Hindi nga ako nalungkot nang una sa kaniyang harapan. 2 At sinabi ng hari sa akin, Bakit ang iyong mukha ay malungkot, dangang wala kang sakit? ito'y dili iba kundi kalungkutan ng puso. Nang magkagayo'y natakot akong mainam. 3 At sinabi ko sa hari, Mabuhay ang hari magpakailan man: bakit ang aking mukha ay hindi malulungkot, kung ang bayan, ang dako ng mga libingan sa aking mga magulang ay giniba, at ang mga pintuang-bayan niyaon ay nasupukan ng apoy? 4 Nang magkagayo'y sinabi ng hari sa akin, Ano ang iyong hinihiling? Sa gayo'y dumalangin ako sa Dios ng langit. 5 At nagsabi ako sa hari, Kung ikinalulugod ng hari, at kung ang iyong lingkod ay nakasumpong ng biyaya sa iyong paningin ay suguin mo ako sa Juda, sa bayan ng libingan sa aking mga magulang, upang aking maitayo." (Nehemias 2:1-5 KJV)***

Si Nehemias ay nasa pananalangin at pagaayuno at siya ay mayroong malungkot na mukha habang siya ay nagsislbi sa hari ng tasa ng alak. Ang ang mga paglalarawan ng tagadala ng tasa na maaari nating mabasa dito sa ***Genesis 40:11***, ***"11At ang saro ni Faraon ay nasa aking kamay; at kumuha ako ng mga ubas at aking pinagpipiga sa saro ni Faraon, at ibinigay ko ang saro sa kamay ni Faraon." (Genesis 40:11 KJV)*** Ang tagapagdala ng saro ay may pananagutan upang ihanda ang isang tasa ng katas ng ubas para sa hari sa kanyang harapan at ibigay ito sa kanya. Ang layunin ng paghahanda ng tasa sa harapan ng hari ay para sa seguridad na kadahilan upang tiyaking walang lason na naidagdag sa kanyang inumin. Kaya si Nehemias ay may pananagutan na ihanda ang tasa ng alak para sa hari at ilagay ito sa kanyang kamay. Habang siya ay nasa pag aayuno at pagluluksa para sa Jerusalem ang hari ay napansin ang kanyang malungkot na mukha. ***"2 At sinabi ng hari sa akin, Bakit ang iyong mukha ay malungkot, dangang wala kang sakit? ito'y dili iba kundi kalungkutan ng puso. Nang magkagayo'y natakot akong mainam." (Nehemias 2:2 KJV)*** Si Nehemias ay natakot nang ang hari ay napansin ang kanyang malungkot na mukha. Siya ay natakot sapagkat siya ay hindi dapat na makitang malungkot habang siya ay nasa trabaho sa harap ng hari. Ang kalungkutan ng kanyang mukha ay maaaring bigyang kaguluhan bilang walang kasiyahan sa kanyang trabaho upang pagsilbihan ang hari. Samakatuwid siya ay natakot nang ang hari ay hinarap siya. Hinayaan ng Panginoon ang mukha ni Nehemias na makita ng malungkot, upang makaagaw ng pansin ng hari nang araw na iyon upang ang misyon ni Nehemias ay masimulan sa pagtatayo ng pader ng Jerusalem ay maganap. Ito ay direktang sagot sa panalangin at pag-aayuno ni Nehemiah.

Ayon sa anong nalaman natin mula sa Banal na Kasulatan, maari tayo makatiyak na pumunta sa konklusyon na huwag tayong mangamba tungkol sa kung paano ipagpalagay ang mga tao ang ating panlabas na anyo sapagka't isinuko natin ang ating kalooban at buhay sa Diyos at bilang ang ating puso at isip ay nakatuon na sa Kanya, sa gayon Siya ang magbibigay sa ating ng isang tiyak na anyo na sa huli'y magagamit upang maglingkod sa layunin ng Dios at kalooban sa ating buhay, habang ating sinusunod ang halimbawa ni Daniel at Nehemias.

Sinabi ni Pablo sa Mga taga Corinto, ***"15 Sapagka't sa mga inililigtas, at sa mga napapahamak ay masarap tayong samyo ni Cristo sa Dios; 16 Sa isa ay samyo mula sa kamatayan sa ikamamatay; at sa iba ay samyong mula sa kabuhayan sa ikabubuhay. At sino ang sapat sa mga bagay na ito?" (2 Corinto 2:15-16 KJV)*** Kung tayo'y nagagalak sa Dios, kung gayon tayo ay may mabangong halimuyak ni Cristo, kahit na maari tayong magmukhang pangit at may amoy ng patay sa sanglibutan.

Kung itinuon natin ang ating mga isip at mga puso sa mga bagay na nasa itaas, kung gayon tayo ay nagtatago kasama si Cristo sa Dios. Ang ating mukha ay matutukoy sa Dios sa kung paano ito maipapakita sa mga taong nakapaligid sa natin. Kung gusto ng Dios sa atin upang makitang malungkot para sa tiyak na layunin, kung gayon ang makeup na inilalagay ng mga tao, ay kikilos laban sa layunin ng Banal na Espiritu. At kung nais ng Dios sa atin na makitang bago at maliwanag ang mukha, kung gayon ang Dios, ang Banal na Espiritu ay makakamit iyon sa atin kahit na tayo'y nag aayuno o kahit na tayo'y nakaligtas higit sa gulay.

***"8 Ibig ko ngang ang mga tao'y magsipanalangin sa bawa't dako, na iunat ang mga kamay na banal, na walang galit at pakikipagtalo.9 Gayon din naman, na ang mga babae ay magsigayak ng mahinhing damit na may katimtiman at hinahon; hindi ng***

***mahalagang hiyas ng buhok, at ginto o perlas o damit na mahalaga; 11Ang babae'y mag aral na tumahimik na may buong pagkapasakop. 12 Nguni't hindi ko ipinahihintulot na ang babae ay magturo, ni magkaroon ng pamumuno sa lalake, kundi tumahimik. 13 Sapagka't si Adam ay siyang unang nilalang, saka si Eva; 14 At si Adam ay hindi nadaya, kundi ang babae nang madaya ay nahulog sa pagsalangsang; 15 Nguni't ililigtas siya sa pamamagitan ng panganganak, kung sila'y magsisipamalagi sa pananampalataya at pagibig at sa pagpapakabanal na may hinahon." (1Timoteo 2:8-15 KJV)*** Sinimulang salitain ni Pablo dito ang tungkol ng pagkakaayos ng pagsamba sa loob ng pamilya.

***1. "Ibig ko ngang ang mga tao'y magsipanalangin sa bawa't dako, na iunat ang mga kamay na banal, na walang galit at pakikipagtalo." (1 Timoteo 2:8 KJV)*** Sinabi niya ang tungkol sa kung paanong kailangan ng lalaki na mamuno sa pananalangin bilang isang pinuno sa kanyang sariling pamilya ng walang pagdududa at may mabuting pag uugali malayo mula sa galit ng pagmamataas.
***2. "Gayon din naman, na ang mga babae ay magsigayak ng mahinhing damit na may katimtiman at hinahon; hindi ng mahalagang hiyas ng buhok, at ginto o perlas o damit na mahalaga." (1 Timoteo 2:9 KJV)*** Sinabi ni Pablo dito kung paanong kailangan ng kababaihan NA paluguran ang kanilang mga sarili, na may mahinhing damit, ***"na may katimtiman***" na ibig sabihin ay mahiyain o marangal, mahinahon, pagkamahiyain, paggalang, pagmamasid sa iba, respeto, at ***"hinahon"*** na ibig sabihin ay mapagpigil sa sarili, Inutusan ni Pablo ang mga kababaihan na huwag gumamit ng mga buhok na nakatali, ginto, perlas, o mamahaling damit. Kaya napakalinaw na ang pagsulat ni Pablo ay sumasang ayon sa pagsulat ni Pedro. ***"3 Na huwag sa labas ang kanilang paggayak na gaya ng pagpapahiyas ng buhok, at pagsusuot ng mga hiyas na ginto, o pagbibihis ng maringal na damit; 4 Kundi ang pagkataong natatago sa puso na may damit na walang kasiraan ng espiritung maamo at payapa, na may malaking halaga sa paningin ng Dios." (1 Pedro 3:3-4 KJV)***

***3. "10 Kundi (siyang nararapat sa mga babae na magpakabanal) sa pamamagitan ng mabubuting gawa." (1 Timoteo 2:10 KJV)*** Ang kagandahan at pang akit ng kababaihan ay ang kanilang mabubuting gawa na ang Panginoon ay naghanda ng maaga para kanila na gawin; na pangalagaan ang kanilang tahamana, na palakihin ang kanilang mga anak, at palakihin sila sa makaDios na paraan.

***4. "Nguni't hindi ko ipinahihintulot na ang babae ay magturo, ni magkaroon ng pamumuno sa lalake, kundi tumahimik." (1 Timoteo 2:12 KJV)*** Sa makaDios na pamilya, ang lalaki ang isa na mangunguna ng pamilya sa susunod na kalooban ng Dios at Siya ang magtuturo sa asawa ng Salita ng Dios. ***"11 Ang babae'y magaral na tumahimik na may buong pagkapasakop." (1 Timoteo 2:11 KJV)*** Hindi sinabi dito ni Pablo na ang babae ay hindi dapat magturo ng Salita ng Dios sa simbahan. Sinabi niya dito ang kaugnay na kahulugan ng pamilya. Sa harapan niya ng makaDios na asawa kailangan niyang manatiling tahimik at sumunod sa utos ng Dios na mula sa Salita ng Dios.

***5. "13 Sapagka't si Adam ay siyang unang nilalang, saka si Eva;" (1 Timoteo 2:13 KJV)*** Nilikha ng Dios una si Adan at inutusan siya sa Salita ng Dios, at pagkatapos nilikha Niya ang babae at ibinigay siya sa kanya upang magpasailalim sa pananagutan ng lalaki upang turuan siya ng Salita ng Dios at utusan siya ng mga utos ng Dios.

***6. "At si Adam ay hindi nadaya, kundi ang babae nang madaya ay nahulog sa pagsalangsang;" (1 Timoteo 2:14 KJV)*** Ipinaliwanag ni Pablo dito kung bakit hindi niya ipinahintulot ang babae na magturo sa kanyang asawa sapagka't siya ang unang nagkasala. Ang Salita ng Dios ang nagpaalala sa atin sa pamilya ni Adan, ang babae ay inilagay sa ilalim ng kapangyarihan ng lalaki na unang nagkasala nang siya'y tinukso sa kasinungalingan na sinabi ni Satanas sa kanya. Ito'y pinatunayan din nang sinabi ni Pablo dito ang kahulugan ng pamilya at hindi ng simbahan. Ang babae sa ***Genesis 3*** sa halip ng pagsunod s autos ng kanyang asawa, inakit niya ang kanyang asawa na sundin ang kanyang maling gawain.
Kailangan ng lalaki na maging maingat na maakit ng kahilingan kani-kanilang mga asawa na mamuno sa kanila sa pagsuway sa Dios. Sa halip, kailangan nilang maging matatag sa kani-kanilang asawa mula sa kasalanan at sawayin sila na maakit ng diablo sa gayo'y hindi sila magkasala laban sa Dios.

***7. "15 Nguni't ililigtas siya sa pamamagitan ng panganganak, kung sila'y magsisipamalagi sa pananampalataya at pagibig at sa pagpapakabanal na may hinahon." (1 Timoteo 2:15 KJV)*** Nang ang babae ay nagkasala at hinayaan niya ang kanyang asawaNG kumain din mula sa bunga ng ipinagbabawal na puno, ang Panginoon ay ipinahayag ang mga sumpa na mahulog sa ahas na nanukso sa babae at ang babae at sa lalaki. Sa ahas sinabi ng Dios, ***"15 At papagaalitin ko ikaw at ang babae, at ang iyong binhi at ang kaniyang binhi: ito ang dudurog ng iyong ulo, at ikaw ang dudurog ng kaniyang sakong."(Genesis 3:15 KJV)*** Kaya't ang Dios ay naglagay ng poot sa pagitan ni Satanas at ng babae, at iyong binhi at ang kanyang binhi: ang binhi ng babae ay ang Panginoon JesuCristo. ***"4 Datapuwa't nang dumating ang kapanahunan, ay sinugo ng Dios ang kaniyang Anak, na ipinanganak ng isang babae, na ipinanganak sa ilalim ng kautusan." (Galatians 4:4 KJV)*** Si Jesus ay ipinanganak ng isang babae at dinurog Niya ang ulo ng ahas sa krus sa Kalbaryo, ***"15 Pagkasamsam sa mga pamunuan at sa mga kapangyarihan sila'y mga inilagay niya sa hayag na kahihiyan, na nagtatagumpay siya sa kanila sa bagay na ito." (Colosas 2:15 KJV)*** Ngayon ang poot sa pagitan ng babae at ni Satanas at pagitan ng kanilang supling ay nagpatuloy kahit sa araw na ito. Ngunit sinabi ng Salita ng Dios sa babae ay, ***"15 Nguni't ililigtas siya sa pamamagitan ng panganganak, kung sila'y magsisipamalagi sa pananampalataya at pagibig at sa pagpapakabanal na may hinahon." (1 Timoteo 2:15 KJV)*** Ito ay magkakatotoo kung ang babae ay magpapatuloy upang magpalaki ng makaDios na supling, ang mga alagad ni Jesus, na nagdala ng misyon ng sa lahat ng sanglibutan at maging sa susunod na henerasyon.

***"15 Nguni't ililigtas siya sa pamamagitan ng panganganak, kung sila'y magsisipamalagi sa pananampalataya at pagibig at sa pagpapakabanal na may hinahon." (1 Timoteo 2:15 KJV)*** Ang pagsasabuhay nito ay hindi lamang tumutukoy sa pisikal na pagbubuntis at pagkakaroon ng anak, kundi kailangang palakihin ng babae ang kanyang mga anak bilang mga disipulo para kay Jesucristo.

Gayundin, tulad ng babaeng mag aalaga sa kanyang mga anak bilang tunay na mga disipulo ni Jesus, ang simbahan na asawa ni Jesus, ang Kordero ng Dios, ay magpapalaki ng mga disipulo ng Dios. Dito mababasa natin ang tungkol sa asawa ng Kordero:
***"9 At dumating ang isa sa pitong anghel na may pitong mangkok, na mga puno ng pitong huling salot; at nagsalita sa akin, na nagsasabi, Halika, ipakikita ko sa iyo ang babaing kasintahan, ang asawa ng Cordero." (Pahayag 21:9 KJV)*** Sa gayon ang pananagutan ng simbahan patungo kay Cristo ay yumaon at magpalaki ng mga alagad sa lahat ng bansa, na totoong mga tagasunod at manggagawa para kay Jesus.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Ganyan dapat ang simbahan ngayon na pagandahin at ihanda ang kanyang sarili para sa kanyang asawa at ang hapunan sa kasal ng kordero ay magaganap kapag si Jesus ay bumalik. ***"7 Tayo'y mangagalak at tayo'y mangagsayang mainam, at siya'y ating luwalhatiin; sapagka't dumating ang pagkakasal ng Cordero, at ang kaniyang asawa ay nahahanda na." (Pahayag 19:7 KJV)*** * Ang simbahan ay magpapaganda hindi sa pamamagitan ng mga salo-salo, dios-diosan, kapistahan sa mga demonyo, pampaganda at mahalay na pananamit, kundi ang simbahan ay magpapaganda sa pamamagitan ng pagtanggap sa dakilang utos ni Jesus na ating manunubos, sa paggawa ng mga bagong disipulo, sa pinakadulo ng mundo at magpatuloy sa susunod na henerasyon hanggang sa Siya ay bumalik upang dalhin tayo sa Langit. * Sa gayon ding paraan, ang ating kababaihan kapag sinunod nila ang Panginoon at ang Kanyang Salita at isinabuhay ang mga ito sa kanilang buhay at sa buhay ng kanilang pamilya iyan ang magiging daan para mapalamutihan nila ang kanilang sarili sa harap ng Dios at sa harap ng tao.

***Aking panalangin:*** *Amang Dios, ako ay lumalapit sa harapan mo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon, ipinakakatiwala ko aking sarili sa mga alintuntunin na aking natutunan mula sa mensaheng ito upang ilapat at ituro sa iba at tulungan silang sumunod kay Cristo. Panginoon patuloy na ibigay ang para sa akin at upang protektahan ako upang ako'y makapagpatuloy na maglingkod sa iyo sa pagabot ng bagong mga tao at paggawa ng mga bagong alagad para sa iyo.*

*Magsisi tayo sa ating mga kasalanan. Iwaksi ang iyong kawalan ng tiwala sa Diyos, ang iyong takot sa tao at ang iyong tiwala sa mga tao. I-renounce ang iyong mga make up at pabango na ginagamit mo para magkaroon ng prestihiyo at maakit ang iba. Iwaksi ang iyong kapalaluan, kayabangan at katigasan ng ulo. Ipagtapat ang iyong kasalanan ng hindi pagbabasa ng Salita ng Diyos at kakulangan ng mga panalangin. Talikuran ang iyong galit, kabastusan at ang iyong kawalan ng kahinahunan. Iwaksi ang kasalanan ng pagsuhol sa iba gamit ang iyong kagandahan at make up. Renounce ang iyong kamunduhan at ang iyong pag ibig upang maging sikat. Renounce ang iyong masamang stewardship at pag aaksaya ng iyong pera sa makeup at pabango, accessories, mobiles at iba pang mga non kinakailangang mga bagay. Talikuran ang iyong mga imoralidad at ang iyong mga relasyon sa labas ng kasal. Talikuran ang iyong hindi pagpayag na magpakumbaba at sundin ang plano at kalooban ng Diyos. Iwaksi ang iyong masamang halimbawa sa iba at ang maling pamumuhay na iyong ipinamumuhay. Iwaksi ang iyong non willingness na maglingkod sa Diyos, ang iyong non willingness na magdusa para sa Kanya at ang iyong non willingness na ipangaral ang Salita ng Dios.*

*Panginoon ako'y nagsisisi mula sa sumusunod na mga kasalanan*_____________________.

*Panginoon ipakumbaba ko ang aking sarili sa harap mo at sa harap ng Iyong Salita na aking narinig ngayon. Panginoon ipinagkakatiwala ko aking sarili upang lumabas mula sa lahat ng makamundong makeup, pagkukulay ng buhok, at mga pabango. Panginoon ipinagkakatiwala ko ang aking sarili sa mga alintuntunin na aking natutunan mula sa mensaheng ito upang ilapat at ituro sa aking pamilya, sa aking asawa, at sa aking mga anak na babae, at sa iba, at tulungan silang sumunod kay Cristo. Panginoon, ipinagkakatiwala ko ang aking sarili upang magbasa ng Bibliya araw-araw at pagnilayan ang iyong Salita, upang manalangin at nasa iyong paa bawat umaga bago ako magsimula ng aking araw.*

*Panginoon ipinagkakatiwala ko ang aking sarili upang mag ayuno, hinggin sa iyo na ibigay ang Iyong Salita na kailangan ko sa aking buhay, na aking ring maibahagi ito sa mga tao nasa paligid ko at nangangailangan nito. Panginoon patuloy na ibigay ang para sa akin at protektahan ako upang ako'y makapagpatuloy na maglingkod sayo at paggawa ng mga bagong alagad para sa iyo.*

*Panginoon patuloy mong pagpalain ang aming simbahan. Hipuin mo ang isa ang bawat kasapi upang lumabas mula sa kamunduhan at simulang maunawaan kung paanong anyayahan pa ang Banal na Espiritu sa kanilang buhay, upang ang kanilang mukha ay magningning sa iba na nasa paligid nila., at sumalamin sa kanila ang kaluwalhatian ng Dios upang ang mga tao'y lumapit sa iyo. Panginoon tulungan mo ang aking mga kapatid na Lalaki at Babae na magbasa ng kanilang Bibliya ng higit pa at hayaan silang manalangin pa at makinig pa iyong tinig habang sila'y nasa iyong paanan.*

*Panginoon tulungan kaming makapag ebanghelyo at bigyan kami ng kapangyarihan na abutin ang bagong mga tao ng Mabuting Balita at makagawa ng bagong mga alagad. Panginoon ako'y nanalangin para sa higit pang pagtitipon ng pagaaral ng Bibliya na madagdag sa simbahan at marami mga bagong kaluluwa na magsampaltaya at maraming pang mga manggagawa ay madagdag sa simbahan.*

*Panginoon pagpalain kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus. Amen.*

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos

United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com